JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7
## Nagagamit ang mga Uri ng Pangungusap sa Pormal na Pagpupulong



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Josephine G. Sajulga, Jelmie G. Lazarraga |
| **Editor:** | Dionesia T. Labora |
| **Tagasuri:** | Betty P. Ulgasan, Grazel E. Omas |
| **Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** | |
| **Tagalapat:** | |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent |
| | Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS – LRMDS |
| | Josephine L. Tomboc, EdD<br>EPS – Filipino |




# Alamin

Magandang araw sa iyo! Kumusta? Lubos akong nasisiyahansapagkat nakaabot ka sa bahaging ito ng ating modyul.

Mahilig ka bang mgbasa ng mga kwento? Ano-ano ang mga  uri ng pangungusap? Paano ito ginagamit? Nakadalo ka na ba ng isang pagpupulong? Ano ang natuklasan mo? Ano ang mga reaksyon mo batay sa

napakinggang pagpupulong? Nakakuha ka ba ng tala sa nabasa mong teksto? Nakahanda ka na ba?

Kung gayon, muli nating pagyamanin ang iyong kaalaman at karanasan. Sa pagkakataong ito, nais kong matutuhan ang magpahayag ng mga bagay na iyong nabasa, narinig, nararamdaman, lalo't higit ang natutuhan sa araw-araw. Kaya sa araling ito inaasahan ko na:

- Naibibigay ang bagong natuklasang kaalaman mula sa nabasang teksto. **(F4PB-IVe-15)**
- Nasasagot ang mga tanong sa nabasa o napakinggang pagpupulong. **(F4PN-IVd-g-3.3); F4PBg-j-100**
- Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksyon batay sa napakinggang pagpupulong. **(F4PS-IVf-g-1)**
- Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pormal na pagpupulong. **(F4WG-IVc-g-13.3)**
- Nakakukuha ng tala buhat sa binasang teksto. **(F4EP-IVb-e-10)**



# Balikan

Maagang dumalaw si Tatay sa kanyang kapitbahay.

Maagandang umaga po, Mare.

Anong magagalang na pananalita ang napapaloob sa pangungusap?

Ano ba ang kailanagan natin?

Anong uri ng pangungusap na ito?

Inutusan ko na pagsabihan kita para sa isang panayam bukas.

Ano namang uri ng pangungusap ang napapaloob nito?

Kung ganon papayag ako sa ating panayam bukas.

Malinaw talaga ang paliwanag at pahayag tungkol sa isang panayam at paggamit ng magagalang na pananalita.

Ngayon gamitin mo naman sa iba't ibang paraan sa pagsasalita.



# Tuklasin

A. Ang mapapakinggan mong kwento ay tungkol sa karanasan ng mag-ama sa isang lutuin. Upang lubos itong maunawaan kilalanin natin ang kahulugan ng ilang salita.

1. Gumawa ng talaan ng mga nakahihiligan mong pagkain. Ano ang kahulugan ng <u>nakahihiligan</u>?
   a. nagugustuhan  c. hindi nagustuhan
   b. napagkamalian  d. hindi ko alam

2. Alin sa putaheng ito ang kaya mong lutuin?
   a. adobong pusit  c. pinakbet
   b. tinolang manok  d. sinigang

Batay sa natapos na gawain, ano ang kahulugan ng <u>putahe</u>?

Tandaan ang kahulugan ng mga salitang ito.

Humanda na at makinig sa kwentong babasahin sa iyo.



# Suriin

Ang pagpupulong ay isang pagtitipon kung kailangan nating mapalaganap ang impormasyon at ideya o hingin, ang payo ng nakararami para sa isang desisyon. Sa mga pormal na pagpupulong tulad ng mga miting sa barangay, o pagtitipon ng mga magulang at guro sa eskwelahan, may mga angkop na pananalitang ginagamit.

**Pinay Chef, Pinasasalamatan**

Sa ginanap na State of the Dinner sa Malacanang sa karangalan ng US President na si Barack  Obama, pinasasalamatan niya ang pinay *chef* sa White House na si Cris Comerford na nagtatrabaho mula pa noong 1995. Ayon kay Presidente Obama, paminsan-minsan ay nakakakain sila at ang kaniyang pamilya sa White House ng lumpia at adobo ng inihanda ni si Cris sa kanila, mga pagkaing pinoy na nag-uugnay sa America at Pilipinas.

Si Cris ay ang kauna-unahang babae na naging White House Executive chef. Siya ay lumaki sa Sampaloc, Maynila bilang chef sa head of State, si Cris Comerford ay miyembro ng Le Club des chefs.

Ibigay ang tatlong (3) bagay na natuklsan mo mula sa binasang pagpupulong

1.
2.
3.

Magbigay ng dalawang (2) bagay na nakatawag ng iyong pansin

1.
2.

Magbigay ng isang (1)  bagay na hindi mo naunawaan

1.



# Pagyamanin

Ipagpatuloy ang Pagsasanay

Basahin ang buhay ni Marcela de Agoncillo at kilalanin ang mga nakamit o natagumpay niya.

**Si Gng. Marcela de Agoncillo**

Si Gng. Marcela de Agoncillo ay isinilang sa Taal, Batangas noong ika-24 ng Hunyo 1859. Buhat siya sa isang nakaririwasa at iginagalang na angkan. Sina Francisco Morino at Eugenia Coronel ang kaniyang mg magulang. Nag-aaral siya sa Kolehiyong Santa Catalina, isa sa pinakapiling paaralang pambabae sa Maynila noong panahon ng mga Espanyol. Isa siya sa pinakamagandaat ipinagmamalaking dilag ng Batangas noong panahong iyon. Dahil sa kaniyang kagandahan, marami ang namintuho sa kaniya. Isang manananggol, si Felipe Agoncillo, ang kaniyang napusuan.

Noong taong 1895, pumunta sa Hongkong ang kaniyang asawa upang tumakas sa pagtugis ng mga Espanyol.

Sinundan niya ang kaniyang asawa at kasama ang kanilang mga anak, doon muna sila nanirahan. Dumating si Emilio Aguinaldo kasama ang iba pang rebolusyonaryo sa Hongkong noong Disyembre, 1897. Sa pakiusap ni Aguinaldo, ginawa niya ang makasaysayang bandilang Pilipino.

Nang sakupin ng mga Amerikano ang Pilipinas at naghari ang kapayapaan, bumalik mula sa Pilipinas at nanirahan nang tahimik sa Maynila. Namatay si Marcela sa Taal, Batangas noong ika-30 ng Mayo, 1946 sa gulang na 85.



# Isagawa

**Gawain A.** Mula sa nabasang pahayag, sagutin ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Tungkol saan ang teksto?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

2. Sino-sino ang kanyang mga magulang?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Bakit maraming namintuho ky Marcela?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Bakit siya pumunta sa Hong Kong?

_______________________________________________


_______________________________________________

_______________________________________________

Napakagaling mo. Nasagutan mo lahat ng pagsasanay. Pwede na kayong pumunta sa susunod na pagsasanay.

**Gawain B.**

Basahin mo ang mga impormasyon na nasa larawan sa ibaba kung paano maging handa at manatiling ligtas sa bagyo.












http://drrknowledge.net/paano-magin-handa-at-manatiling-ligtas-sa-bagyo

Ano ang iyong gagawin upang maligtas ang iyong sarili sa panahon ng bagyo? Isulat ang mga sagot sa mga kahong makikita sa ibaba.

| Una ( Bago) | Ikalawa ( Habang) | Ikatlo ( Pagkatapos ng Bagyo) |
|---|---|---|
| | | |

Dahil sa kagalingan at tagumpay mo sa mga gawain, heto pa ang gawaing nagbibigay ng iyong sarili batay sa kompetensi.



# Isaisip

Punan ang bawat patlang upang mabuo ang kaisipan.

Sa isang pagpupulong na naganap sa isang komunidad higit mong maunawaan ang pagsasalita kung lubos mong naipapaliwanag at natatalakay ang mga uri ng pangungusap tulad ng____________________, ____________________, ____________________, at ____________________, lalong lalo na sa pagsasalaysay, pag-uutos, pagtatanong at sa pagsasalita ng matinding damdamin.



# Tayahin

**Gawain A.**

Sabihin kung anong uri ng mga pangungusap na napapaloob ng pagpupulong at sabihin kung ito ay paturol, pasalaysay, pautos, patanong, at padamdam. Isulat ang sagot sa iyong sagot sa patlang.

_________________________ 1. Walang pasok bukas dahil sa bagyo.
_________________________ 2. Bumabagyo na naman!
_________________________ 3. Inutusan ako ni Nanay na magluto ng almusal.
_________________________ 4. Saan nagmula ang bagyo?
_________________________ 5. Ano ang dapat gawin kung may bagyo?

Ang nasa ibaba ay isang Pagpupulong kasama ang Department Heads ng Pamahalaang Lungsod ng Caloocan City bilang paghahanda sa mga bagong kaganapan ukol sa COVID-19.




https://caloocancity.gov.ph/programs-and-projects/news/821-pagpupulong-kasama-ang-bawat-dept-head-ng-pamahalaang-lungsod-ng-caloocan-ukol-sa-covid-19

Pinangunahan ni Mayor Oca Malapitan noong ika-13 ng Marso, 2020 ng umaga ang pagpupulong kasama ang Department Heads ng Pamahalaang Lungsod ng Caloocan bilang paghahanda sa mga bagong kaganapan ukol sa covid19.

Mahigpit na pinaaalahanan ni Mayor Oca ang mga magulang na bantayan ang kanilang mga anak at iwasan ang paglabas ng bahay. Ang pagsunod sa mga payo at anunsyo mula sa Department of Health (DOH) ay malaking tulong sa pag – iwas sa maaaring dulot ng COVID - 19. Inaabisuhan ang lahat na huwag mag - panic at patuloy na umantabay sa mga sa mgalatest updates at anunsyo mula sa ating Punong Lungsod.

"Inaasahan ko ang suporta at pag sunod ng bawat isa. Hangad ko ang kaligtasan ng lahat ng mamamayan ng Caloocan," ani ni Mayor Oca Malapitan

Napakagaling mong bumasa at umintindi sa isang pagpupulong. Kung ganon, subukan mong sagutin ang mga katanungan para lubos mong maunawaan.

**Gawain B.**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa isang pagpupulong.

1. Tungkol saan ang isang pagpupulong na ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Kailan naganap ang pagpupulong ng Caloocan City tungkol sa Covid-19?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Sino ang nangunguna sa isang pagpupulong?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Gawain C.**

Magbigay ng limang(5) bagay na dapat gawin upang maiwasan ang COVID-19 Pandemic.
1.
2.
3.
4.
5.



# Karagdagang Gawain

Gumawa ng maikling usapan tungkol sa pagpupulong sa inyong komunidad. (10 puntos)

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

# Sanggunian


"City of Caloocan." Accessed December 2020. https://caloocancity.gov.ph/programs-and-projects/news/821-pagpupulong-kasama-ang-bawat-dept-head-ng-pamahalaang-lungsod-ng-caloocan-ukol-sa-covid-19

Calatrava, Sancho. "Yaman ng lahi wika at pagbasa sa Pilipino 4." 2015. http://drrknowledge.net/paano-magin-handa-at-manatiling-ligtas-sa-bagyo.

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

Maaaring iba't iba ang sagot ng mag-aaral

**TUKLASIN:**

1. a
2. a

**PAGYAMANIN:**

**Gawain A:**

1. Marcella de Agoncillo
2. Francisco Morino at Eugenia Coronel
3. Dahil sa kanyang kagandahan
4. Ginawa niya ang makasaysayang bandilang Pilipino

**Gawain B.**

Iba't-iba ang maaaring sagot ng mga mag-aaral, ang guro na ang magwawasto.

**ISAISIP:**

1.Paturol o Pasalaysay
2.Padamdam
3.Pautos
4.Patanong

**TAYAHIN:**

**Gawain A:**

1. Paturol o Pasalaysay
2. Padamdam
3. Pautos
4. Patanong
5. Patanong

**Gawain B.**

1. Pagpupulong sa paghahanda laban sa Covid-19
2. Ika-13 ng Marso, 2020
3. Mayor Oca Malapitan

**Gawain C.**

Ibat-iba ang maaaring sagot ng mga mag-aaral, ang guro na ang magwawasto.

**Karagdagang Gawain:**

Ang guro na ang magwawasto.